Munting Bangkang Papel
De: Alain Fanchon
Tradukis/Translated by/Isinalin ni: Albert Garrido
al/to/sa: Filipino (Tagalog)

Lumutang ka, munting bangkang papel
Lumutang ka, tangan aking mga pangarap.

Sa sapa'y wala nang mas bibilis pa sa'yo,
Patpat, dayami, dahon, isa-isa'y iniwan mo
At sa 'king pagtakbo sa'yong tabi sa baybay,
Sa muwang na puso, isip at unawa ko,
Tayo'y nagsanib nang buo at tunay.
Agos kapalaran mo'y dala, sa aki'y dala mo.

Lumutang ka, munting bangkang papel
Lumutang ka, tangan aking mga pangarap.

Munting watawat, tiket ng bus, nagwawagayway
Mula sa palitong tumitindig nang taas-noo.
Tibok ng puso ko'y bumilis. Paano kung ika'y tumaob?
Saan ang simula ng tubig, saan ang hangganan?
Lahat ba ito'y guni-guni lamang?

Lumutang ka, munting bangkang papel
Lumutang ka, tangan aking mga pangarap.

Kapahamaka'y sa iyo ay lingid pa,
Gaano karami nang bago ako'y sa'yo nagpalutang?
Gaano karami, sa aking sunod na panahon?
Sabi nila, kasaysaya'y nag-uulit, walang tigil
Ngunit, sa 'king mithi't iyong giting, iyon ating baguhin.

Lumutang ka, aking bangkang papel
Lumutang ka, tangan aking mga pangarap.

0

2014
46 ans d'indépendance de l'île Maurice | 46 jaroj de sendependa Maŭricio

Pdf: http://goo.gl/Uecu93 (+ .... _19marto2014.docx, ... _19marto2014.doc)